## ACTIVITY

A. Isaayos ang mga letra upang malaman ang mga salitang inilalarawan.

NIGHAR DDIVA → _______________

- Siya ay kilala bilang isang mabuting pinuno at magiting na hari.

NAABK GN IPNAT → ______________________

- Isang sagradong kaban na naglalaman ng tapyas ng 10 utos ng Diyos at simbolo ng Kanyang presensya sa buhay ng mga Israelita.

ZZAU, HOIA → _______________, _______________

- Magkapatid na napiling magbantay sa kariton na sakay ang kaban.

DEOB-DOME → _______________

- Sa kanyang tahanan pansamantalang inilagay ang Kaban ng Tipan.

MESRUJEAL → _______________

- Lungsod kung saan nais ni David dalhin ang Kaban ng Tipan

LANAB → ________________

- Katangian ng Diyos na nangangahulugan na Siya ay walang bahid ng kasalanan at kasamaan. Siya ay perpekto sa lahat ng paraan, at perpektong mabuti sa lahat ng oras

ALAPIGNAP → _______________

- Ginawa ng Diyos sa sambahayan ni Obed-edom noong panahon na nanatili ang Kaban sa kanilang tahanan.

B. Sagutin ang mga tanong.

- Ano ang sinisimbolo ng Kaban ng Tipan?

  ____________________________________________________________

- Bakit namatay si Uzza nang hawakan niya ang Kaban ng Tipan?

  ____________________________________________________________

- Ano ang naging reaksyon ni Haring David nang mamatay si Uzza?

  ____________________________________________________________

- Noong sinubukan ni David sa pangalawang pagkakataon na dalhin ang Kaban sa Jerusalem, ano ang pagkakaiba nito sa unang paraan na ginawa niya?

  ______________________________________________________________

Mahal na mahal ni Haring David ang Diyos kaya ninais niyang madala ang Kaban ng Tipan sa Jerusalem kung saan itinatag niya ang kanyang trono. Maganda man ang saloobin ni David, subalit hindi niya binigyan ng pagpapahalaga ang tagubilin ng Diyos. Ang mga specific na tagubilin kung paano ito bubuhatin at ililipat ay nagpapakita ng kahalagahan ng paggalang sa kabanalan at mga utos ng Diyos. Maging si Uzza, maganda ang kanyang hangarin na alalayan ang ang Kaban upang hindi ito bumagsak ngunit hindi rin niya sinunod ang tagubilin ng Diyos na walang sinuman ang maaaring humawak dito. Sa tuwing hindi natin sinusunod ang tagubilin ng Diyos, tayo ay nagkakasala at ito ay may kaakibat na parusa. Kaya't napakahalaga na maisapuso ang mga utos ng Diyos upang magawa natin ang tama.



C. Basahin ang kwento at sagutin ang mga tanong.

Si Miguel ay nag-iisang anak nila ginoo at ginang Rodriguez. Siya ay masipag, masunurin at matulungin na bata. Minsan kinailangan umalis ng bahay ang kanyang mga magulang upang dumalo sa Parent-Teacher meeting sa kanyang paaralan. Ipinagbilin nila kay Miguel na huwag lalabas at gawin ang kanyang mga gawaing bahay. Ipinaalala rin sa kanya na i-lock ang mga pinto sapagkat wala siyang kasama dito.

Makalipas ang ilang oras at natapos ni Miguel ang lahat ng gawaing bahay na nakaatas sa kanya nang biglang dumating ang kanyang mga kaibigan.

Jay-jay: *Miguel, tara na. Magsisimula na ang Clean-up Drive sa park. Nakalimutan mo ba magpaalam? Nag-volunteer tayo doon.*

Miguel: *Naku, oo nga pala! Nawala sa isip ko na ngayong araw pala yun. Sinabi nila mama na hindi ako pwede lumabas kasi nga wala sila.*

Warren: *Okay lang yan. Tutal naman hindi naman tayo maglalaro lang. Tutulong tayo sa community natin so hindi ka naman mapapagalitan.*

Dahil maganda naman ang activity na kanilang gagawin at natapos na rin niya ang kanyang mga gawain sa bahay, napagpasyahan ni Miguel na sumama sa mga kaibigan at hindi binigyang pagpapahalaga ang sinabi ng mga magulang. Nang makarating sa bahay ang kanyang mga magulang, laking gulat nila at wala si Miguel dito. Hindi rin siya nagiwan ng note upang ipaalam kung saan siya pumunta. Bunga nito ay nag-alala ng matindi sina ginoo at ginang Rodriguez. Hinanap nila siya sa buong village ngunit hindi siya nakita. Nagbaka sakali sila na baka nasa bahay na si Miguel kaya't umuwi silang muli.

Pagbukas ng pinto, nakita ng mag-asawa na kumakain si Miguel sa kusina.

Nanay: *Saan ka ba galing Miguel?* (Ang paggalit na tanong nito.) *Hindi ba binilin namin ng papa mo na hindi ka dapat lumabas? Kanina pa kami nag-aalala.*

Tatay: *Hinanap ka namin kung saan-saan at lubos na nagaalala at baka kung napa-ano ka na.*

Kwinento niya sa kanyang mga magulang ang nangyari.

Tatay: *Nauunawaan namin na maganda ang hangarin mo na makatulong sa paglilinis ng park. Pero una sa lahat, mahalaga na sundin at gawin mo ang anumang binilin namin sa iyo. Hindi namin alam kung nasaan ka, paano kung napahamak ka?*

Naunawaan ni Miguel ang mali niyang ginawa. Dapat pinahalagahan niya ang pagsunod sa kanyang magulang kaysa tumulong sa paglilinis sa park. Humingi ng tawad si Miguel sa kanyang pagkakamali at ipinangako sa kanyang mga magulang na hindi na niya ito uulitin pa. Pinatawad siya ng kanyang mga magulang subalit hindi siya makakasama sa mga activities ng dalawang linggo.

Mga tanong:

1. Ano ang tamang ginawa ni Miguel?

    ______________________________________________________________


2. Ano ang maling ginawa ni Miguel?

    ______________________________________________________________

3. Ano ang iyong gagawin kung ikaw ang nasa katayuan ni Miguel?

    ______________________________________________________________

Sinasabi sa Ephesians 6:1 na ang mga anak ay dapat na sundin ang kanilang mga magulang sapagkat ito ang tamang gawin. Dapat na sinunod ni Miguel ang kanyang mga magulang. Mabuti na lamang at hindi siya napahamak sa kanyang ginawang pagsuway. Ang ating mga magulang ay nagbibigay ng mga tagubilin na dapat nating sundin para sa ating kaligtasan. Ang mga batang tulad natin ay dapat na makinig at sumunod sa ating mga magulang sapagkat ito ang tinuturo ng salita ng Diyos. Sa tuwing sinusunod natin ang tagubilin ng Diyos, tama ang ating ginagawa. Bunga nito ay hindi tayo mapapahamak kailanman.



D. Memory Verse

Huwag mong kaliligtaang basahin ang aklat ng kautusan. Pagbulay-bulayan mo iyon araw at gabi upang matupad mo ang lahat ng nakasaad doon. Sa ganoon, magiging masagana at matagumpay ang iyong pamumuhay. **Josue 1:8**